

ANG KAAYUSAN NG PAGDIRIWANG NG BANAL NA EYUKARISTIYA
Para sa ika-116 Anibersaryo sa Pagkatatag ng Iglesia Filipina Independiente
1902- Agosto 3- 2018



**TUNGO SA MATAPAT NA PAGSAKSI,
PINAG-ALAB NG BANAL NA ESPIRITU**

*#Tatayo ang lahat.
#Magsisimula sa isang panimulang tugugin
sa pagpasok ng mga ministro patungo sa altar.*

ANG PAMBUNGAD NA AWIT: Misa Balintawak (Bonifacio Abdon)

Ako'y nagpapasalamat, O Bathalang Maykapal
Pagkat sumapit nang walang sakuna sa bagong araw

Inihahain ko sa 'Yo ang dukha kong puso:
Pagmabaitin mo nang maging dapat ng bahagya sa 'Yo
Itunton Mo ako sa 'Yong landas
At huwag ipahintulot na ako'y malihis
O Bathala 'Yong ipatawad ang marami kong kasalanan

Ako'y nagpapasalamat, O Bathalang Maykapal
Pagkat sumapit nang walang sakuna sa bagong araw
Salamat Bathala, Bathala

Ministro: Pagpalain natin ang Diyos: Ama, Anak at Banal na Espiritu.
Tugon: Pagpalain natin Siya, ngayon at magpakailanman!

Ministro: Minamahal na sambayanan ng Diyos: Tayo ay nagkakatipon ngayon upang pasalamatan ang Panginoong Diyos sa pagkakatawag sa atin bilang Simbahang Iglesia Filipina Independiente na maging kabahagi ng kanyang gawain sa pagliligtas. Sariwain natin ngayon ang makasaysayang pagkatatag ng ating Simbahan upang sa gayon ito ay magbuklod sa atin ng matatag na kaisahan at patuloy na maghubog sa atin tungo sa matapat na pagibig sa Diyos at makabuluhang paglilingkod sa bayan.

Tagabasa: **ANG PAGPAHAYAG NG IGLESIA FILIPINA INDEPENDIENTE**
Noong ika-3 ng Agosto 1902, sa Centro de Bellas Artes sa daang Azcarraga, na ngayo'y kilala na bilang Recto Avenue, sa isang pulong ng Union Obrera Democratica, ang kaunaunahang unyon ng mga mangagawa, matapos mabigo ang mga hinihiling at minimithing pagbabago sa simbahan sa Pilipinas, ay binitawan ni Isabelo de los Reyes, Sr., na higit na kilala bilang "Don Belong," ang pangulo ng naturang union, ang ganitong mga kataga:

Matapos makipagsanggunian sa Consejo General ng Union Obrera Democratica, ako'y pumarito upang ipahayag ang aming pakikipagtulungan kay Gg. Poblete na siyang may pasimuno sa demonstrasyong ito laban

sa mga prayle, at upang ipahayag din nang walang pagdadalawang-isip, na mula ngayon tayo ay hayagan ng hihiwalay sa Vaticano at bubuo ng isang malayang Filipinong simbahan.

Susundin natin ang mga banal na kautusan ng Diyos, ngunit hindi ang mga injusticia at capricho ng mga tao. Igagalang natin ang debosyon sa Birhen at sa mga Santo, ngunit pahahalagahan nating higit sa lahat ang pagsamba sa iisang Diyos lamang.

Mula sa sinapupunan ng kilos-paggawa at sa gitna ng daluyong ng Digmaang Filipino-Americano ay isinilang ang Iglesia Filipina Independiente, ang rurok ng pagnanais ng sambayanang Filipino, ng pagbabago sa simbahan at sa lipunan.

Naririto tayo ngayon, isang daan at labing-anim na taon mula sa araw na yaon, buong-pakumbabang patuloy na sumasamba sa Diyos at naglilingkod sa bayan.

Ministro: Pag-alabin Ninyo kami, O Banal na Espiritu ng Diyos, tungo sa matapat na pagsaksi.

Tugon: Bigkisin Ninyo kami sa Inyong pag-ibig, at suguin sa Inyong gawain. Amen.

ANG LITURHIYA NG SALITA NG DIYOS

ANG LUWALHATI

Papuri Sa Diyos

ANG PANALANGIN

Ministro Ang Panginoon ay sumainyo.

Tugon at sumainyo rin.

Ministro Tayo ay manalangin.

Mapagpalayang Diyos, tinawag Ninyo kami, ang Iglesia Filipina Independiente, sa sangangdaan ng kasaysayan ng aming bayan: Mula sa pagkaalipin, hinango Ninyo kami tungo sa kalayaan, itinalaga Ninyo kami upang sumamba sa Inyo sa Espiritu at katotohanan, ginabayan Ninyo kami sa mga aral ni Kristo, binigyan-lakas Ninyo kami sa Banal na Eukaristiya at sinugo Ninyo kami sa mga bansa bilang mga saksi sa Inyong pagmamahal. Pag-alabin Ninyo kami sa pamamagitan ng Inyong Banal na Espiritu, upang kami ay maging tapat sa aming pagsaksi. Alang-alang kay Jesukristo na aming Panginoon, Tagapagligtas, Kapatid at Kaibigan.

Tugon: Amen.

#Uupo ang lahat.

ANG UNANG PAGBASA

Exodo 3: 7-10

Tagabasa: Manahan Kayo sa aming mga puso O Diyos.

Tugon: Habang pinakikinggan namin ang Inyong salita.

Tagabasa: Ang pagbasa mula sa Aklat ng Exodo.

Sinabi sa kanya ni Yahweh, “Nakita kong labis na pinahihirapan ng mga Egipcio ang aking bayan. Alam ko ang hirap nilang tinitii at naririnig ko ang kanilang daing. Kaya bumaba ako upang sila ay iligtas, ialis sa Egipto at ihatid sa lupaing mayaman, malawak at sagana sa lahat ng bagay. Ito’y ang lupain ng mga Cananeo, Heteo, Amorreo, Perezee, Heveo at Jebuseo. Naririnig ko nga ang daing ng aking bayan at alam ko ang pang-aaping ginagawa sa kanila ng mga Egipcio. Kaya papupuntahin kita sa Paraon upang ilabas mo sa Egipto ang aking bayan.”

Tagabasa: Ang Salita ng Panginoon

Tugon Salamat sa Diyos.

*#Aawit ng isang angkop na
Salmo o awitin*

PANGALAWANG PAGBASA

Galacia 5:1

Tagabasa: Manahan Kayo sa aming mga puso O Diyos.

Tugon: Habang pinakikinggan namin ang Inyong salita.

Tagabasa: Ang pagbasa mula sa Sulat ni San Pablo sa mga Taga-Galacia.

Pinalaya tayo ni Kristo para sa kalayaan, kaya maging matatag kayo, at huwag na muling magpailalim sa pamatok ng pagkaalipin.

Tagabasa: Ang Salita ng Panginoon

Tugon: Salamat sa Diyos.

#Tatayo ang lahat.

ANG GRADUWAL:

Kristo Ikaw Ang Sandigan (Fr. Mario Quince)

Buong madla ay nakikinig sa 'Yong mga pangaral, O Panginoon
Lahat ay nagpupuri at nagbubunyi at sa puso'y iniukit tipan mo na kay
tamis

KORO:

Kristo, O Kristo, Ikaw ang sandigan nawa'y pagpalain Mo itong Iyong bayan
Kristo, O Kristo, Ikaw ang sandigan sanlibuta'y nagpupuri sa 'Yong
kadakilaan

(Sa 'Yo O Haring mahal)

ii

Bawat isa ay napupuspos ng kaligayahan O Panginoon
Lahat ay umaawit ng magagandang himig bilang pasasalamat sa 'Yo O
Haring mahal

ANG EBANGHELYO

Lukas 4:16-21

Ministro: Ang Panginoon ay sumainyo.
Tugon: At sumainyo rin.

Ministro: Pakinggan ninyo ang Ebanghelyo ng ating Panginoong Jesucristo ayon kay San Lukas.
Tugon: Luwalhati sa Inyo, Panginoong Jesucristo.

Ministro: Umuwi si Jesus sa Nazaret na kanyang nilakhan. Gaya ng kanyang kinagawian, pumasok siya sa sinagoga nang Araw ng Pamamahinga. Tumindig siya upang bumasa; at ibinigay sa kanya ang aklat ni Propeta Isaias. Binuksan niya ang aklat sa dakong kinasusulatan ng ganito: “Sumasaakin ang Espiritu ng Panginoon, sapagkat hinirang niya ako upang ipangaral ang Mabuting Balita. Sinugo niya ako upang ipahayag sa mga bihag na sila’y lalaya, at sa mga bulag na sila’y makakikita; upang bigyang-kaluwagan ang mga sinisiil, at ipahayag ang pagliligtas na gagawin ng Panginoon.”

Nilulon niya ang kasulatan, at matapos isauli sa tagapaglingkod, siya’y naupo. Nakatitig sa kanya ang lahat ng nasa sinagoga. At sinabi niya sa kanila, “Natupad ngayon ang bahaging ito ng kasulatan samantalang nakikinig kayo.”

Ministro: Ito ang Ebanghelyo ng Panginoon.
Tugon: Papuri sa Inyo, Panginoong Jesucristo.

ANG SERMON

#Uupo ang lahat.

ANG PANANAMPALATAYA

#Tatayo ang lahat.

Ministro: Sa iisang tinig, ipahayag natin ang pananampalataya na nagbigkis sa atin bilang iisang pamayanan.

Lahat: Sumasampalataya tayo sa iisang Diyos, ang Amang Makapangyarihan, na lumikha ng langit at lupa, at ng lahat, ng nakikita at di-nakikita.

Sumasampalataya tayo sa iisang Panginoong Hesukristo, bugtong na Anak ng Diyos, nagmula sa Ama bago pa nagsimula ang panahon, Diyos buhat sa Diyos, Liwanag buhat sa Liwanag, Diyos na totoo buhat sa Diyos na totoo, Inianak, hindi nilikha, kaisa sa pagka-Diyos ng Ama. Sa pamamagitan Niya ay nalikha ang lahat. Na para sa ating mga tao at sa ating kaligtasan ay nanaog Siya buhat sa langit: sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo ay ipinanganak Siya ni Mariang Birhen at naging tao. Ipinako sa krus alang-alang sa atin noong panahon ni Poncio Pilato; nagpakasakit, namatay, at inilibing. At muling nabuhay sa ikatlong araw sa katuparan ng mga Kasulatan. Umakyat Siya sa langit at naluluklok sa kanan ng Ama. At muling

darating na maluwalhati upang hukuman ang mga buhay at mga patay, at ang kaharian Niya ay walang hanggan.

Sumasampalataya tayo sa Espiritu Santo, ang Panginoon na Tagapagbigay ng Buhay, na nagbubuhay sa Ama. Sinasamba Siya at niluluwalhating kasama ng Ama at ng Anak, nagsalita Siya sa pamamagitan ng mga Propeta. Nananalig kami sa Iglesyang iisa, banal, katolika, at apostolika. Naniniwala kami sa iisang binyag sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan, at hinihintay namin ang muling pagkabuhay ng mga namatay, at ang buhay na walang hanggan. AMEN.

ANG PANALANGIN NG BAYAN

#Luluhod ang bayan.

Ministro: Sa harap ng Diyos: sa Amang lumikha sa atin, sa Anak na namatay para sa atin, at ng Banal na Espiritung ating Tagapagtanggol, lumuhod tayo at manalangin.

Tagabasa: Mapagpalayang Diyos, Itinalaga Ninyo kami, ang Iglesia Filipina Independiente, upang sumamba sa Inyo sa Espiritu at katotohanan. Gabayan Ninyo ang aming Obispo Maximo, si Rhee; ang mga kasapi ng Executive Commission; ang aming kaobispuhan at kaparian at ang aming mga diyakono at ang iba pang mga manggagawang-simbahan; ang pamunuan at kasapian ng iba't ibang lipi ng aming kapatiran; Pagsikapan nawa naming gawin ang mga bagay na makapagdudulot ng kapayapaan:

Tugon: Sa Inyong kahabagan, dinggin Ninyo ang aming panalangin.

Tagabasa: Mapagpalayang Diyos, Pinalaya Ninyo kami, ang Iglesiya Filipina Independiente, sa mga aral ni Kristo. Buksan Ninyo ang aming mga puso at pang-unawa, nang kami ay magpapatuloy sa Kanyang mga katuruan, at maging masigasig sa pagtutol sa kasamaan, magsusumikap para sa katarungan at kapayapaan, gagalang sa karangalan ng bawat nilalang at mangangalaga ng kalikasan:

Tugon: Sa Inyong kahabagan, dinggin Ninyo ang aming panalangin.

Tagabasa: Mapagpalayang Diyos, Binigyan Ninyo kami ng lakas sa Banal na Eukaristiya. Kami rin sana ay maging mga pirasong tinapay na handang ipamahagi sa aming kapwa, nang ang aming kaligayahan ay ang maglilingkod kay Kristo sa lahat ng tao, at magmamahal sa kapwa gaya ng pagmamahal namin sa aming sarili:

Tugon: Sa Inyong kahabagan, dinggin Ninyo ang aming panalangin.

Tagabasa: Mapagpalayang Diyos, Sinugo Ninyo kami sa mga bansa bilang mga saksi sa Inyong pagmamahal. Ibuhos Ninyo sa amin ang Inyong biyaya, nang sa pamamagitan ng aming pamumuhay, ay

makilala ng pamayanang aming ginagalawan, si Kristong aming pinanampalatayanan:
Tugon: Sa Inyong kahabagan, dinggin Ninyo ang aming panalangin.

Tagabasa: Mapagpalayang Diyos, Nagpapasalamat kami para sa buhay at simulain ng aming mga ninuno at mga bayani, lalong lalo na ang aming mga yumaong Obispo Maximo na sina: Gregorio Aglipay; Santiago Fonacier; Gerardo Bayaca; Isabelo delos Reyes Jr; Macario Ga; Soliman Ganno; Tito Pasco; Alberto Ramento; at Tomas Millamena; tulutan Ninyong pahahalagahan namin ang kanilang buhay at kamatayan at palaganapin namin ang mga mabubuti na pinasimulan Ninyo sa aming mga naging punong pastor:
Tugon: Sa Inyong kahabagan, dinggin Ninyo ang aming panalangin.

Ministro: Mapagpalayang Diyos, tanggapin Ninyo ang panalangin ng Inyong Bayan; sa Inyong napakaraming awa, masdan Ninyo kami nang may pagkahabag at ang lahat ng humihingi ng tulong sa Inyo. Sapagkat Kayo ay puspos ng biyaya, O mapagmahal ng sangkatauhan, at niluluwalhati namin Kayo: Ama, Anak at Banal na Espiritu, ngayon at magpakailanman.
Tugon: Amen.

#Tatayo ang lahat.

ANG BANAL NA EUKARISTIYA

ANG KAPAYAPAAN

Ministro: Banal na Espiritu ng Diyos,
Tugon: Pag-alabin Ninyo kami tungo sa matapat na pagsaksi.

Ministro: At ang kapayapaan ng Panginoon ay lagi nawang sumainyo.
Tugon: At sumainyo rin.

ANG PAG-AALAY

Ministro: Ibigay sa Panginoon ang karangalang nararapat sa Kanyang pangalan. Magdala ng alay at pumaroon sa Kanyang harapan.

ANG AWIT OFERTORYO:

**Paghahandog ng Pasasalamat
(Fr. Mario B. Quince)**

Nais namin na magpasalamat sa Iyo Panginoong mahal
Dahil sa Iyong mga biyayang binigay sa aming mga aba
ii

Narito ang aming mga alay bunga ng lupang 'Yong binigay
Basbasan Mo at 'Yong pagpalain yaring inihahaing bagay
Iii

Naririto ang aming mga puso iniaalay namin sa 'Yo
Nawa ay Iyong pananahanan ngayon at magpakailanman.

ANG PAG-AALAY

Ministro: Pinagpalang Diyos,
Lahat: Sa pamamagitan ng Inyong biyaya, ang sanilikha ay muling nanariwa; sa pamagitan ng Inyong pagmamahal, ay nabuksan ang kalangitan; at sa pamamagitan ng Inyong kahabagan, iniaalay namin itong aming hain ng papuri at pasasalamat. Amen.

Ministro: Manalangin tayo mga kapatid upang ang ating hain ay maging marapat sa Diyos Amang Makapangyarihan.

Tugon: Tanggapin nawa ng Panginoon ang aming hain, sa ikapupuri at ikaluluwalhati ng Kanyang Pangalan, sa ating ikabubuti at ng buo N'yang iglesia.

ANG DAKILANG PASASALAMAT

Ministro: Ang kagandahang loob ng Panginoon ay mananatiling walang hanggan sa mga may takot sa Kanya, at ang Kanyang pagkamatuwid sa sali't-saling lahi;

Tugon: Maging sa mga sumusunod sa Kanyang tipan, at nakaala-alang sumunod sa Kanyang kautusan.

Ministro: Itinatag ng Panginoon ang Kanyang luklukan sa langit; at ang Kanyang paghahari ay sumasaklaw sa lahat.

Tugon: Purihin ninyo ang Panginoon, kayong lahat Niyang mga anghel; kayong may lakas at kapangyarihan na tumatalima sa Kanyang Salita.

Ministro: Purihin ninyo ang Panginoon, kayong lahat Niyang mga hukbo. Kayong mga lingkod Niya na sumusunod sa Kanyang kalooban.

Tugon: Purihin ninyo ang Panginoon, kayong lahat Niyang mga gawa sa lahat ng dako na Kanyang nasasaklawan, purihin ang Panginoon!

Ministro: Ang Panginoon ay sumainyo.

Tugon: At sumainyo rin.

Ministro: Itaas ang inyong mga puso.

Tugon: Itinataas namin sa Panginoon.

Ministro: Magpasalamat tayo sa ating Panginoong Diyos.

Tugon: Nararapat na Siya'y ating pasalamat at purihin.

Ministro: Tunay na marapat, aming tungkulin at kaligayahan, lagi at saan man na magpasalamat sa Iyo, O Panginoon, Banal na Ama, makapangyarihan at walang hanggang Diyos.

Mapagmahal na Ama, nilikha Ninyo ang sanlibutan at minahal Ninyo ang lahat ng Inyong mga gawa. Isinugo Ninyo ang Inyong Anak na si Jesucristo upang maging aming Tagapagligtas. Sa

Kanyang kamatayan at muling pagkabuhay, pinalaya Ninyo kami mula sa kasalanan at kamatayan.

Kaya kasama ang mga lahat ng mga tapat na huminlay na kay Cristo at ng mga anghel sa kalangitan, kami ay nagpupuri sa Inyo at umaawit:

Lahat: Banal, Banal, Banal na Panginoon,
Diyos ng kapangyarihan at lakas,
ang langit at lupa’y puspos ng Iyong kaluwalhatian,
Osana sa kaitaasan.
Pinagpala ang dumarating sa Pangalan ng Panginoon.
Osana sa Kaitaasan.

Ministro: Pinupuri at pinagpala namin Kayo, O Mapagmahal na Ama, sa pamamagitan ni Jesucristong aming Panginoon; at sa aming pagsunod sa Inyong kautusan, ipadala Ninyo ang Inyong Banal na Espiritu, nang ang tinapay at alak na ito ay maging Kabanal-banalang Katawan at Dugo ng Inyong pinakamamahal na Anak.

Noong gabing bago Siya namatay, naghapunan Siya kasama ang Kanyang mga kaibigan; kinuha Niya ang tinapay at Kayo’y Kanyang pinasalamatan. Piniraso Niya ang tinapay, ibinigay ito sa kanila at sinabi:

**“Kunin, kanin; ito ang aking Katawan na ibinibigay sa inyo;
Gawin ninyo ito sa pag-alaala sa akin.”**

Matapos ang hapunan, kinuha Niya ang alak. Muli Niya Kayong pinasalamatan, ibinigay Niya ito sa kanila at sinabi:

**“Inumin Ninyo ito, kayong lahat. Ito ang aking Dugo ng Bagong
Tipan na ibinubuhos para sa Inyo at para sa marami sa
ikapagpapatawad ng mga kasalanan.
Gawin ninyo ito sa pag-alaala sa akin.”**

Ministro: Inaala-ala namin, O Ama, ang ginawa ng aming Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo; pinahahalagahan namin ang Kanyang hain na minsang ginanap sa krus.

Tugon: Sa aming pag-alay sa harapan Ninyo ng Tinapay ng buhay at Kalis ng kaligtasan, ipinapahayag namin ang Kanyang kamatayan at muling-pagkabuhay hanggang sa muli Niyang pagbalik.

Ministro: Kaya nga, Ama, ginaganap namin ang iniutos ng Iyong Anak. Sa pamamagitan ng Tinapay at Alak na aming ini-aalay sa harapan Mo, ay aming ginaganap ang pag-alaala sa Kanyang pagkatawang tao, sa Kanyang kamatayan at muling pagkabuhay, sa Kanyang pag-akyat sa langit, at sa pagkakapadala ng Espiritu

Santo. Kami'y nasa harapan Mo na nagsasaya sa Iyong pagliligtas, na naghihintay sa Kanyang muling pagdating.

Idinudulog namin sa Inyo O mapagmahal at makatarungang Ama, sa kapangyarihan ng Inyong Espiritu Santo, na (+) pagpalain at pakabalanin itong tinapay at alak upang para sa amin ay maging kamahalmahalang katawan at dugo ng aming Panginoong Jesucristo.

Panginoon ng buhay, tulungan Ninyo kaming magpupunyagi para sa katuparan ng Inyong paghahari, at sa pamamayani ng katarungan at kapayapaan sa buong sanlibutan. Pangalagaan at ingatan Ninyo ang Inyong bayan, yakapin Ninyo kami sa bisig ng Inyong kalinga, at dalhin Ninyo kami, kasama ng lahat ng mga banal, sa Inyong hapag sa kalangitan.

Sa pamamagitan ni Cristo, kasama si Cristo at kay Cristo, sa pakikiisa ng Banal na Espiritu, lahat ng karangalan at kaluwalhatian ay sumainyo, O Mapagmahal na Ama, Ngayon at magpakailanman.

Lahat: Amen.

*#Luluhod ang lahat.
Maglaan ng saglit na katahimikan.*

Ministro: Tulad ng itinuro sa atin ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo, tayo'y manalangin:

Lahat: Ama namin sa langit, sambahin ang Ngalan Mo, sumapit nawa ang kaharian Mo, sundin ang loob Mo, dito sa lupa gaya rin sa langit. Bigyan Mo kami ngayon ng aming kakanin sa araw-araw. Patawarin Mo kami sa aming mga kasalanan gaya rin ng pagpapatawad namin sa mga nagkasala sa amin. Huwag Mo kaming itulot sa mga pagsubok, kundi iadya Mo kami sa masama. Sapagkat sa Iyo ang kaharian, ang kapangyarihan at ang aluwalhatian ngayon at magpakailanman. Amen.

PAGPIRASO NG TINAPAY

Lahat: Kordero ng Diyos, Ikaw na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan;
Maawa Ka sa amin.
Kordero ng Diyos, Ikaw na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan;
Maawa Ka sa amin.
Kordero ng Diyos, Ikaw na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan;
Ipagkaloob Mo sa amin ang Inyong kapayapaan.

ANG BANAL NA KOMUNYON

Ministro: Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan. Pinagpala ang mga inaanyayahan sa Kanyang Hapunan.

MUNGKAHING MGA AWIT SA KOMUNYON

Ang Pag-Ibig Mo **Renel Sheidrick Sobejana**

Panginoon dalangin ko'y kapayapaan sa mundo
At punuin ng pag-ibig ang kay gulong daigdig.

KORO:

*Kami po'y basbasan sa iyong tahanan,
at iyong hugasan ang aming kasalanan
At ang pag-ibig Mo ang siyang gabay.*

ii

Tanggapin mo aming handog, mula sa'ming mga puso
Buong buhay, iaalay sa'yo. (KORO)

iii

Walang hanggang pag-ibig mo, sa aming mga tao
Inalay Mo ang buhay Mo, para sa mundo. (KORO)

Ang Tulong N'yo Diyos **Fr. Samuel J. Galutera**

*Ang tulong Nyo Diyos ang siyang laging hiling, Ng aming bayang paglaya'y
mithiin

Mananampalataya'y patatagin, Nang kasaganaan ay kamtin naming*.

ii

Ginhawa na hangarin ng buong madla, May katuparan sa Inyong patnubay
Bagong langit bagong lupa ay sisilay, Bagong awit sa Iyo'y iaalay.**

iii

Kasarinla't paglaya ng mamamayan, Noon hanggang ngayo'y ipaglalaman
Ang sistema't istrukturang sumasagka, Buwagin nang katarunga'y kamtan
na.**

Si Kristo sa Buhay ng Pakikibaka **Fr. Mario Quince**

Si Kristo ang tanging ilaw dito sa mundong ibabaw
At patuloy S'yang magliliwanagHabang tayo'y nakikibaka

ii

Si Kristo ang S'yang huwaran Sa lahat ng kabutihan
Dapat S'ya lamang ang tutularanNg buong sambayanan

Koro:

Siya'y paghariin natin sa ating Buhay
Habang tinatahak natin ang magulong daan
Hayaang Siya'y mananahan sa 'ting puso't isipan
Hanggang sa makamtan, katarunga't kapayapaan

iii

Si Kristo ang S'yang magliligtas Ng Kanyang bayang minamahal
Inialay N'ya ang Kanyang buhayNang makamtan ang kapayapaan

iv

Si Kristo ang S'yang hahango Sa mga dusta't naghihirap
Na mamamayan sa ating bayan Na Ngayo'y naninindigan

Diyos Na Aming Gabay Aldeem Yanez

Panginoon, Ika'y gabay sa aming paglalakbay
Yapak Mo at diwa sinisikap na sundan isabuhay ang Iyong katuruan.

ii

Panginoon, Ika'y gabay sa pagpapanibagong Buhay, upang makamtan
matuwid na kaayusan
Lipunang mapayapa at masaganang buhay.

Koro:

Kumikilos ka O Diyos sa patuloy na kasaysayan,
Kumikilos ka Panginoon sa pagbabago ng lipunan
Ikaw ang aming sandigan katuwang at kaibigan,
Diyos na aming gabay sa pagtatanghal ng kalayaan/ katarungan.

#Tatayo ang lahat.

ANG PANALANGIN PAGKATAPOS NG KOMUNYON

Ministro: Ang Panginoon ay sumainyo.

Tugon: At sumainyo rin.

Ministro: Tayo ay manalangin.

Lahat: Mapagpalayang Diyos, nanahan Kayo sa aming mga puso sa pagpahayag ng Inyong Salita at nasumpungan namin ang Inyong Anak na si Jesucristo sa Sakramento ng Kanyang Katawan at Dugo. Ibuhos N'yo sa amin ang Inyong Banal na Espiritu, nang kaming Inyong mga anak sa Iglesia Filipina Independiente, ay maging tapat sa aming patotoo. Sa pamamagitan ng Inyong Anak, aming Panginoon, Tagapagligtas, Kapatid at Kaibigang si Jesucristo, na nabubuhay at naghaharing kasama N'yo at ng Banal na Espiritu, lisang Diyos, sa Kaluwalhatiang walang-hanggan. Amen.

*#Kung may mga paunawa o paalaala
ay magsisiupo muna ang lahat.*

ANG PAGBABASBAS

#Tatayo ang lahat.

*#Kung ang tagapangunang ministro ay Obispo,
maaring sambitin ang sumusunod:*

Obispo: Pagpalain ang Pangalan ng Panginoon.
Tugon: Ngayon at magpakailanman.

Obispo: Ang ating tulong ay nasa Pangalan ng Panginoon.
Tugon: Na lumikha ng langit at ng lupa.

Ministro: Ang kapayapaan ng Diyos na di-malirip ng buong pang-unawa, matatag na ingatan kayo sa kaalaman at pag-ibig sa Diyos, at sa Kanyang Anak na si Jesucristo na ating Panginoon. At ang pagpapala ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak at Espiritu Santo, nawa'y sumainyo, at laging manatili sa inyo, at sa inyong mga mahal sa buhay, ngayon at magpakailanman. Amen.

ANG PAGHAYO

Ministro: Ang Panginoon ay sumainyo.
Tugon: At sumainyo rin.

Ministro: Humayo tayo tungo sa matapat na pagsaksi, pinag-alab ng Banal na Espiritu.
Lahat: Amen! Amen! Amen!

ANG PANGHULING AWIT: Mabuhay Ka Iglesia Filipina (Fr. Mario Quince)

Sa pawis, luha at dugo ay isinilang ka Simbahan ko
Dumanas ka ng hirap habang iyong tinatahak
ang landas tungo sa tagumpay

II

Ang bawat taong nagdaan ay nanatili sa diwa mo
Ang tanging adhikain na di magbabago
Ang para sa Diyos at sa bayan

Koro:

Mabuhay ka Iglesia Filipina, mabuhay ka Simbahan ng maralita
Ang Pangalan mo'y itataas ko At iwawagayway ko ang bandila mo.
(repeat I,II & Koro and last line)

*Hinalaw mula sa Liturhiya na ginawa ni Fr. Dwight Q. De La Torre, IFI
Fellowship, Hongkong*